Paano Tumutulong ang mga Guro ng ESL

Lagi nilang natatandaang isulat ang takdang-aralin sa pisara upang makopya ko ito sa aking planner.

Gumagamit sila ng mga libro na may mga larawan at hindi lamang ang textbook, upang tulungan akong makaintindi.

Tinutulungan nila akong ipakita ang aking kaalaman kahit na nahihirapan akong sabihin ito sa Ingles.

"Ipinakita sa amin ng aking guro sa Socials kung paano magbuo ng paksa. Ngayon ay mas madaling malaman kung aling mga ideya na mahalaga."

Johnny, 15 Taong Gulang

"ESL Support Class - Why?"

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.

Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

ESL Support Class

Bakit?

Gusto ko ang ESL support class dahil tinutulungan ako ng mga guro na matutunan <u>ang lahat</u> sa Ingles!

Malaking trabaho ang mag aral ng Ingles!

"Ang pagbabasa ng mga kwento, tula at mga nobela, at ang pag-aral ng Math, Science at Social Studies sa Ingles ay nangangailangan ng matagal na panahon at talagang pinagsisikapan ko na matuto sa pinakamabilis na panahong makakaya ko."

Jin, 11 taong gulang

Ang mga Guro sa ESL ay tumutulong sa akin sa iba't-ibang mga paraan:

Mas mabagal at mas malinaw silang magsalita.

Paminsan-minsan, pinapayagan nila akong makipag-usap sa isang kaklase gamit ang wika sa bahay upang tulungan ako sa mga bagong ideya kapag hindi ko talaga maintindihan. Gusto ko ito dahil naipapakita ko na mayroon TALAGA akong nalalaman.

Binibigyan nila ako ng mga halimbawa at nagpapakita sila ng mga larawan upang tulungan akong maka-intindi.

Ipinapakita nila sa akin kung paano gumagana ang wikang Ingles.

Tinuturuan nila ako ng bagong bokabularyo araw-araw.

Tinuturuan nila ako kung paano makakuha ng pinakamaraming impormasyong mula sa textbook.

Madalas ay mayroon silang mga halimbawa ng kung ano ang dapat na itsura ng isang "mahusay" na proyekto o papel.

Binibigyan nila ako ng panahong mag-isip bago ako sumagot ng mga tanong sa klase.

Tinuturuan nila ako ng mga istratehiya na makakatulong sa akin sa paggawa ng notes at paano mag-aral.

Talagang pinakikinggan nila ako at sinusubukan nilang maunawaan ako. Pagkatapos ay tinutulungan nila akong sabihin ng mahusay ang aking mga ideya sa Ingles.

Naiintindihan nila na mahirap ang matuto ng isang bagong wika kaya nagre-relaks kami sa pamamagitan ng paglalaro paminsan-minsan upang ipraktis ang aming natutunan.

Nagsusulat sila sa pisara habang sila'y nagsasalita upang mas matandaan at maunawaan ko ang mga bagong ideya at bokabularyo.

Nagbibigay sila ng mas maraming marka para sa mga ideya kaysa sa grammar at spelling.

Sinisigurado nilang naiintindihan ko kahit na masyado akong mahiyain para humingi ng tulong.